MODULE CODE: **PASAY-F1-Q4-W3-D2**

**Pangalan:**________________________ **Petsa:** ____________

**Pangalan ng Guro:**________________ **Pangkat :** ___________

**PAGTATAYA**

**Panuto:** Sa tulong ng iyong magulang, basahin ang sitwasyon sa bawat bilang at ibigay ang iyong hinuha. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Maagang nagising si Minerva. Siya ay kumain ng almusal at naligo. Nagbihis siya ng uniporme at umupo sa harapan ng kanyang laptop kasama ang kanyang module. Ano sa palagay mo ang gagawin ni Minerva?
   A. Siya ay magsisimula na sa paglalaro ng paboritong video game.
   **B.** Siya ay handa na sa pagsisimula ng kanyang online class.
   **C.** Siya ay magsisimula na sa kanyang trabaho.

2. Isang hapon, habang naglalakad pauwi si Elena, nakasalubong niya ang kanyang Tiya Norma na may maraming bitbit na paninda. Binati niya ito at nagmano. Kinuha ni Elena ang ibang dala ni Aling Norma. Ano sa palagay mo ang kanyang gagawin?
   A. Ihahatid si Tiya Norma sa bahay.
   B. Itatawag ng tricycle si Tiya Norma.
   C. Iuuwi ni Elena sa kanilang bahay ang kinuhang dala ni Aling Norma.

3. Nawalan ng trabaho ang tatay ni Albert dahil sa pandemya kaya nagtitipid ang kanyang nanay sa gastusin sa loob ng bahay. Nadatnan ni Albert na nagluluto ang kanyang ina kaya inihanda na niya ang mesa. Naglagay ng kanin at sinabawang gulay sa mesa si nanay Lita. Sa palagay mo ba ay kakain si Albert? Bakit?
   A. Opo, dahil masustansiya ang gulay.
   B. Hindi po, dahil hindi masarap ang gulay.
   C. Opo, dahil baka mapagalitan siya kapag hindi niya kakainin ang gulay.

LIVEWORKSHEETS